



MGA SERBISYO NG ADA PARATRANSIT
GABAY SA PASAHERO

SolTrans.org

May-bisa simula Setyembre 2019

TALAAN NG NILALAMAN

MGA ACCESSIBLE NA FORMAT

This guide is available in accessible formats. To obtain a copy please contact SolTrans Customer Service **(707) 648-4666**.

Esta guía está disponible en formatos accesibles. Para obtener una copia, comuníquese con Servicio al Cliente de SolTrans al **(707) 648-4666**.

Ang gabay na ito ay magagamit sa mga magagamit na format. Upang makakuha ng isang kopya mangyaring makipag-ugnay sa Serbisyo sa Parukyano ng SolTrans **(707) 648-4666**.

PANIMULA	2
SolTrans Paratransit	2
Iba pang Serbisyo sa Transportasyon	3
PAGIGING KWALIPIKADO	5
Status ng Pagiging Kwalipikado	6
Mga Apela	7
Pagiging Kwalipikado ng Bisita at Mga Pribilehiyo sa Pagsakay ng Bisitang Mula sa Ibang Lugar	7
SINESERBISYUHANG LUGAR AT MGA ORAS NG OPERASYON	8
Serbisyo Tuwing Weekday at Weekend	9
Serbisyo Tuwing Holiday	10
Mga Oras ng Serbisyo sa Kostumer ng SolTrans	11
PAG-IISKEDYUL NG PAGSAKAY	12
Napag-usapang Oras ng Pag-pick up	12
Pickup Window	12
Impormasyong Kailangan Ninyong Ibigay	12

Pagkumpirma sa Inyong Biyahe	13
MGA PAMASAHE	14
Mga Benepisyo ng Paggamit ng Mga Serbisyong may Hindi Nagbabagong Ruta ng SolTrans	15
Pagbili ng Mga Ticket	16
MGA PANUNTUNAN AT PAMAMARAAN PARA SA DRIVER	17
Oras ng Paghihintay ng Driver	17
MGA PANUNTUNAN AT PAMAMARAAN PARA SA PASAHERO	18
Patakaran sa Pagkansela at Hindi-Pagsipot	18
Pagbabayad ng Pamasahé	18
Mga Wheelchair at Kagamitan para sa Mobility	19
Mga Seat Belt	20
Mga Personal Care Attendant (PCA)	20
Iba Pang Kasama	20
Patakaran sa Service Animal at Alagang Hayop	21
Mga Limitasyon sa Package	21
CODE OF CONDUCT NG SOLTRANS	22
Pagsuspende ng Serbisyo	22
Mga Apela sa Pagsuspende	22
MGA FAQ	23
Lost and Found	23
Mga Disclaimer	24
Mapa ng Sineserbisyuhang Lugar	na kasama sa gabay na ito
Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan	likod na pabalat

Welcome sa Solano County Transit (SolTrans)

Mga serbisyo sa Paratransit ng Batas para sa Mga Amerikanong may Kapansanan (ADA). Ang Gabay sa Pasahero na ito ay nagpapaliwanag kung paano gamitin ang SolTrans Paratransit, pati na rin ang iba pang serbisyo kung saan kayo kwalipikado bilang resulta ng pagiging sertipikado ng ADA Paratransit. Para matiyak ang pinakamagandang karanasan kapag gumagamit ng aming mga serbisyo ng ADA Paratransit, pakibasa nang mabuti ang Gabay na ito at pakitala ang mga sanggunian sa iba pang publikasyon na sa tingin ninyo ay kapaki-pakinabang.



SOLTRANS PARATRANSIT

Alinsunod sa Batas para sa Mga Amerikanong may Kapansanan (ADA) ng 1990, ang SolTrans Paratransit ay isang adaptive na serbisyo ng bus para sa mga taong may kapansanan na nagiging dahilan para hindi sila makagamit ng serbisyo ng bus na may hindi nagbabagong ruta para sa ilan sa o lahat ng kanilang biyahe. Ang SolTrans Paratransit ay:

- komplementaryong serbisyo sa ADA Paratransit ng SolTrans
- iniiskedyul nang maaga (isa hanggang pitong araw na mas maaga)
- isang serbisyonang origin-to-destination (pinagmulan papunta sa destinasyon)
- isang serbisyo ng bus na may ibang kasamang nakasakay
- gumagamit ng iba't ibang sasakyang puwedeng ma-access ng wheelchair
- pinapatakbo sa parehong oras at araw ng serbisyo ng bus na lokal at may hindi nagbabagong ruta
- nagbibigay ng transportasyon sa Benicia at Vallejo

IBA PANG SERBISYO SA TRANSPORTASYON

Bukod pa sa SolTrans Paratransit, may iba pang serbisyo at programa sa transportasyon na available para sa mga pasaherong sertipikado ng ADA.

Lokal na Serbisyo ng Bus na May Hindi Nagbabagong Ruta ng SolTrans



Transportasyon sa Benicia at Vallejo para sa pangkalahatang publiko na nagbibiyaha sa iniatas na ruta sa mga hindi nagbabagong oras. Gumagamit ang mga rutang ito ng mga bus na puwedeng ma-access ng mga wheelchair na may ramp o lift na magagamit kapag hiniling. Kwalipikadong sumakay ang mga kostumer na Sertipikado ng ADA para sa Pinamurang pamasaha (mga senior na 65+, may kapansanan o cardholder ng medicare). Mangyaring sumangguni sa Gabay sa Serbisyo ng SolTrans para sa higit pang impormasyon.

Serbisyo para sa Intercity na Commuter Bus ng SolanoExpress



Mga bus na pangmalayuan at may hindi nagbabagong ruta na nagseserbisyo sa mga pangunahing transit hub at center gaya ng Bay Area Rapid Transit (BART) at iba pang pangunahin at rehiyonal na destinasyon. Ang mga bus na ito ay may mga lift para sa mga wheelchair, walker, at iba pang pangangailangan ng hindi ambulatoryo. Tinatanggap ang mga mas murang pamasaha para sa mga pasaherong may kapansanan. Mangyaring sumangguni sa Gabay sa Serbisyo ng SolanoExpress para sa higit pang impormasyon.

Solano Transportation Authority (STA)-Pilot na Programa ng Lyft na Pinansyal na Sinusuportahan ng SolTrans



Rideshare na transportasyong pinansyal na sinusuportahan na isinasagawa ng Lyft at mga fleet ng van na puwedeng ma-access ng wheelchair. Nagbibigay ang serbisyong ito ng on-demand at parehong araw, na mga biyahe saanman sa Benicia at makakapili rin ng mga transfer point sa Vallejo sa pinamurang halaga para sa mga pasahero. Kailangan ang mga aplikasyon para ma-access ang programa at mapataas ang mga subsidiya. Para sa higit pang impormasyon, pakitawagan ang Solano Mobility sa **(800) 535-6883** o ang Serbisyo sa Kostumer ng SolTrans sa **(707) 648-4666**.



Programa sa Intercity na Taxi Card ng Solano Transportation Authority (STA)

Mga serbisyo ng taxi na pinansyal na sinusuportahan para sa mga indibidwal na kayang sumakay at bumaba ng taxi nang mag-isa. Nagbibigay ang serbisyong ito ng on-demand at parehong araw na mga biyahe sa pagitan ng mga zone sa Solano County sa pinamurang halaga para sa mga pasahero. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring sumangguni sa Gabay sa Mga Pasahero ng Programa sa Intercity na Taxi Card ng Solano County o tumawag sa Solano Mobility sa **(800) 535-6883**.



Mga Programa sa Transportasyon ng Solano Mobility

Matutulungan ng Solano Mobility ang mga pasaherong magplano ng mga biyahe gamit ang alinman sa mga opsyon sa itaas, pati na rin ng iba pang opsyon sa pagbiyahe na nakasunod sa mga pangangailangan ng lahat ng uri ng pasahero. Nagbibigay din ang Solano Mobility ng ilang libre o pinamurang programa para sa mga indibidwal na may kapansanan. Para sa higit pang impormasyon, pakitawagan ang Solano Mobility sa **(800) 535-6883**.

PAGIGING KWALIPIKADO

Para magamit ang SolTrans Paratransit o alinman sa mga serbisyo sa seksyong Iba Pang Transportasyon, kailangan ninyong mag-apply para sa pagiging kwalipikado sa ADA at maging sertipikado ng ADA paratransit. Alinsunod sa ADA, tinatasa ang pagiging kwalipikado batay sa sitwasyon at personal itong isinasagawa ng C.A.R.E. Evaluators, isang hiwalay na grupo sa pagtatasa ng transit mobility na espesyalista sa mga pagsusuri sa pagiging kwalipikado sa ADA paratransit.

Para mag-apply para sa pagiging kwalipikado, pakitawagan ang C.A.R.E. Evaluators sa **(707) 541-7184** para magpa-iskedyul ng personal na pagtatasa. Libre ang pagtatasa, at maaaring ibigay ang transportasyon papunta sa at mula sa pagtatasa kung hihilingin mula sa karamihan ng mga lugar sa Benicia at Vallejo. Pakitingnan ang **Sineserbisyuhang Lugar at Mga Oras ng Operasyon** (p. 8) para sa higit pang detalye.

C.A.R.E.
evaluators

PAGIGING KWALIPIKADO

STATUS NG PAGIGING KWALIPIKADO

Ang nakasulat na notification ng desisyon sa pagiging kwalipikado, kasama ang anumang kinakailangang pagpapaliwanag ng mga salik sa pagtutukoy, ay ibibigay sa loob ng 21 araw pagkatapos ng personal na pagtatasa sa pagiging kwalipikado. Maaaring tukuyin ng C.A.R.E ang antas ng inyong pagiging kwalipikado o pagiging hindi kwalipikado para sa serbisyo ng ADA Paratransit.



Kung natukoy kayong kwalipikado para sa ADA Paratransit, sesertipikahan ng C.A.R.E. ang inyong pagiging kwalipikado bilang isa sa mga sumusunod:



Hindi Kundisyunal na Pagiging Kwalipikado

Sa ilalim ng ADA, ibig sabihin ng status na hindi kundisyunal na pagiging kwalipikado, hindi kaya ng indibidwal na mag-isang gumamit ng mga serbisyong may hindi nagbabagong ruta sa ilalim ng anumang sitwasyon at nararapat siyang gumamit ng komplementaryong paratransit para sa lahat ng kanyang biyahe.



Kundisyunal na Pagiging Kwalipikado

Para sa status na ito ng pagiging kwalipikado, isinasaad ng ADA na kinakailangan lang ang komplementaryong serbisyo sa paratransit sa mga biyaheng hindi madadaan sa hindi nagbabagong ruta.



Pansamantalang Pagiging Kwalipikado

Ang mga indibidwal na may status na pansamantalang pagiging kwalipikado ay kwalipikadong gumamit ng ADA paratransit hanggang sa tagal na kinakailangan ng kanilang kapansanan na pumipigil sa kanilang makagamit ng mga serbisyong may hindi nagbabagong ruta.

Kung sertipikado kayo sa ilalim ng isa sa mga status na ito, maaari na ninyong simulan kaagad ang paggamit ng SolTrans Paratransit o anupamang serbisyo ng ADA Paratransit sa ilalim ng mga tuntunin ng inyong pagiging kwalipikado.

Batay sa inyong status ng pagiging kwalipikado, maaaring kailanganin ninyong kumpletuhin ang muling pagpapasertipika kada 3 taon; papadalhan kayo ng C.A.R.E Evaluators ng bagong aplikasyon, 2 buwan bago ang iyong deadline sa pagre-renew.

Para sa mga indibidwal na may hindi kundisyunal na pagiging kwalipikado, awtomatiko kayong muling masesertipika, at padadalhan kayo ng update sa impormasyon ng C.A.R.E. Evaluators 2 buwan bago ang inyong deadline sa pagre-renew.

MGA APELA SA PAGIGING KWALIPIKADO

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ukol sa inyong pagiging kwalipikado, o sa inyong status ng pagiging kwalipikado, may karapatan kayong iapela ang desisyon. Isasama sa inyong liham ng pagpapasya ang mga tagubilin sa pagsusumite ng apela.

Ang pinal na pagpapasya ukol sa inyong apela ay gagawin sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang inyong apela. Kapag inabot ng mahigit 30 araw ang pagpapasya ukol sa inyong apela, magbibigay ang SolTrans ng serbisyo sa ADA Paratransit habang wala pang desisyon sa apela.

PAGIGING KWALIPIKADO NG BISITA AT MGA PRIBILEHIYO SA PAGSAKAY NG BISITANG MULA SA IBANG LUGAR

Binibigyang-daan kayo ng inyong sertipikasyon sa SolTrans ADA Paratransit na makasakay sa ADA Paratransit sa anumang ahensya ng transit na nagpapatakbo ng serbisyong may hindi nagbabagong ruta sa United States. Kapag nagpapalano kayo ng biyahe o bakasyon, mangyaring makipag-ugnayan nang maaga sa ahensya ng transit sa lugar na balak ninyong puntahan bago kayo dumating at humingi ng impormasyon tungkol sa kanilang mga serbisyo.

Kung bibisita kayo sa Vallejo o Benicia nang may valid na sertipikasyon sa ADA mula sa inyong bayan, maaari ninyong gamitin ang SolTrans Paratransit nang hanggang 21 araw kada taon nang hindi pumupunta sa C.A.R.E para sa isang personal na pagtatasa. Mangyaring ihanda ang ibibigay na patunay ng inyong sertipikasyon sa ADA o patunay ng paninirahan sa isang lugar at patunay ng pagkakaroon ng kapansanan kung hindi ito napapansin kaagad, kapag nagpapaiskedyul ng biyahe sa SolTrans Paratransit. Hinihikayat ang mga bisita na makipag-ugnayan sa C.A.R.E. Evaluators nang hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang nais nilang araw ng pagbiyahe sa SolTrans Paratransit, nang sa gayon ay magawa ang mga kinakailangang administratibong pagsasaayos nang mas maaga.

Ang natitirang bahagi sa gabay na ito ay idinisenyo para sa mga pasaherong sertipikado ng ADA na gumagamit ng SolTrans Paratransit.

SINESERBISYUHANG LUGAR AT MGA ORAS NG OPERASYON

MAPA NG SINESERBISYUHANG LUGAR

Pakitingnan ang mapa sa bulsa sa likod ng brochure na ito.



Nagseserbisyo ang SolTrans Paratransit sa loob ng $\frac{3}{4}$ na milya (0.75 milya) ng Lokal na Serbisyo ng Bus na May Hindi Nagbabagong Ruta ng SolTrans. Nagbibigay din ito ng serbisyo sa mga kaparehong sineserbisyuhang lugar ng STA-Pilot na Programa ng Lyft na Pinansyal na Sinusuportahan ng SolTrans.

TANDAAN: Nasa labas ng aming sineserbisyuhang lugar ang Hiddenbrooke at ilang bahagi ng Mare Island.

Maaari kayong maglakbay sa Solano County sa pamamagitan ng paggamit sa:

- SolTrans Paratransit para makalipat sa mga ruta ng Intercity na Commuter Bus ng SolanoExpress;
- Programa sa Intercity na Taxi Card ng STA; o
- Mga Programa sa Transportasyon ng Solano Mobility.

Para makapaglakbay sa labas ng Solano County, gamitin ang:

- SolTrans Paratransit para lumipat sa mga ruta ng Intercity na Commuter Bus ng SolanoExpress; o
- Mga programa sa transportasyon ng Solano Mobility para kumonekta sa iba pang ahensya ng transit para sa mga serbisyo ng ADA paratransit.

SERBISYO TUWING WEEKDAY AT WEEKEND

Pinapatakbo ang SolTrans Paratransit nang 7 araw sa isang linggo sa kaparehong oras ng Lokal na Serbisyo ng Bus na May Hindi Nagbabagong Ruta ng SolTrans at ng STA-Pilot na Programa ng Lyft na Pinansyal na Sinusuportahan ng SolTrans. Tinatayang pinapatakbo ang dalawang serbisyo sa mga sumusunod na oras:

Araw ng Serbisyo	Mga Oras
Lunes – Biyernes	5:30 am hanggang 9:00 pm*
Sabado	6:30 am hanggang 7:00 pm
Linggo	8:30 am hanggang 6:30 pm

*May-bisa simula Disyembre 1, 2019.

Bago iyon, magtatapos ang mga serbisyo nang 7:00 pm.

Ang oras ng inyong partikular na biyahe ay nakadepende sa mga oras ng operasyon ng serbisyong may hindi nagbabagong ruta na available sa inyong pagmumulan at destinasyon. liiskedyul ang mga huling biyahe na makumpleto sa loob ng mga oras ng serbisyo.

SINESERBISYUHANG LUGAR AT MGA ORAS NG OPERASYON

SERBISYO TUWING HOLIDAY

Inoobserbahan ng SolTrans ang ilang holiday sa buong taon, kung kaya limitado at hindi available ang SolTrans Paratransit sa mga Holiday na nakalista sa ibaba:

Holiday	Uri ng Serbisyo
Bagong Taon	Walang Serbisyo
Martin Luther King, Jr. Araw	Limitadong Serbisyo: Serbisyo Tuwing Sabado
Araw ng Mga Pangulo	Limitadong Serbisyo: Serbisyo Tuwing Sabado
Memorial Day	Walang Serbisyo
Easter Day	Walang Serbisyo
Araw ng Kalayaan	Walang Serbisyo
Araw ng Paggawa	Walang Serbisyo
Araw ng Mga Beterano	Limitadong Serbisyo: Iskedyul Tuwing Sabado
Thanksgiving Day	Walang Serbisyo
Araw pagkatapos ng Thanksgiving	Limitadong Serbisyo: Iskedyul Tuwing Sabado
Araw ng Pasko	Walang Serbisyo
Bisperas ng Pasko hanggang Bisperas ng Bagong Taon (12/24, 12/26 – 12/31)	Limitadong Serbisyo: Iskedyul Tuwing Sabado para sa lahat ng weekday

**SERBISYO SA KOSTUMER NG SOLTRANS,
BILIHAN NG TICKET AT MGA ORAS NG
PAGPAPAISKEDYUL SA SOLTRANS PARATRANSIT**

Para sa mga reservation at pangkalahatang katanungan tungkol sa mga serbisyo at pamasaha, pakitawagan ang Serbisyo Sa Kostumer ng SolTrans sa **(707) 648-4666**. Pakitandaan ang mga sumusunod na oras ng operasyon para sa mga departamento ng SolTrans na maaaring sinusubukan ninyong tawagan ukol sa mga pangangailangan ninyo sa transportasyon:

Uri ng Katanungan	Departamento	Araw ng Serbisyo	Mga Oras
Mga Pangkalahatang Katanungan	Serbisyo sa Kostumer ng SolTrans	Lunes – Biyernes	8 am – 7 pm
		Sabado	Sarado
		Linggo	Sarado
Mga Reservation	Mga Reservation sa SolTrans Paratransit	Lunes – Biyernes	8 am – 5 pm
		Sabado	9 am – 4 pm
		Linggo	Sarado
Mga Pamasaha	Bilihan ng Ticket ng SolTrans	Lunes – Biyernes	5 am – 5 pm
		Sabado	8:30 am – 4 pm
		Linggo	Sarado

PAG-IISKEDYUL NG PAGSAKAY

Para magpaiskedyul ng pagsakay sa SolTrans Paratransit, pakitawagan ang Serbisyo sa Kostumer ng SolTrans sa **(707) 648-4666**. Dapat gawin ang mga kahilingan sa biyahe nang 1 hanggang 7 araw ng negosyo na mas maaga bago ang inyong pinaplanong biyahe.



NAPAG-USAPANG ORAS NG PAG-PICKUP

Makikipagkasundo ang ahente ng reservation ukol sa oras ng pag-pick up na hanggang 1 oras bago ang o pagkatapos ng hiniling na biyahe para maisaalang-alang ang lahat ng kahilingan sa pagsakay. Pakitandaan na ang aming serbisyo ay isang “pagbiyahe nang may kasabay” na serbisyo, na nangangahulugang posibleng magkaroon ng ibang pasaherong sasakay at bababa ng bus sa inyong biyahe. Hindi binibigyang prioridad ng SolTrans ang mga pagsakay ayon sa layunin ng pagbiyahe. Ang biyahe sa paratransit ay dapat pareho lang sa tagal ng biyahe sa pinakakaparehong biyahe mula sa mga serbisyo ng bus ng may hindi nagbabagong ruta, kabilang ang oras ng pagbiyahe papunta at mula sa mga hintayan ng bus at oras ng paghihintay para sa mga paglipat.

PICKUP WINDOW

Itinuturing na on-time ang pagbiyahe sa SolTrans Paratransit kung darating ang sasakyan sa lokasyon para sa pag-pick up sa pagitan ng 15 minuto bago ang at pagkatapos ng napag-usapang oras ng pag-pick up.

ORAS NG PAGHIHINTAY

Sa kanilang pagdating, maghihintay ang mga driver nang hanggang 5 minuto mula sa oras ng kanilang pagdating o sa pagsisimula ng pickup window — alinman ang mas huli sa dalawa.

IMPORMASYONG KAILANGAN NINYONG IBIGAY

Kapag napapaiskedyul kayo ng inyong biyahe, mangyaring ihanda ninyong ibigay ang:

- Inyong Pangalan at Apelyido
- Numero ng Telepono
- Numero ng ID sa ADA Paratransit
- Petsa kung kailan ninyo gustong bumiyahe
- Oras ng Appointment (at Oras ng Paghihintay, kung naaangkop)

- Gustong oras ng pag-pick up
- Address para sa pag-pick up: Numero, Kalye, # ng Apt/Suite, Lungsod, Zip Code
- Address para sa pag-drop off: Numero, Kalye, # ng Apt/Suite, Lungsod, Zip Code
- Kung gumagamit kayo ng kagamitan sa mobility
- Kung may kasama kayong service animal
- Kung may kasama kayong personal care attendant (PCA)
- Kung may kasama kayong ibang tao (kabilang ang mga bata)
- Anumang impormasyon na posibleng kailanganin ng driver, gaya ng mga code sa gate, direksyon sa lokasyong mahirap hanapin o sa lokasyong maraming yunit ng pabahay.

Ilalagay namin sa inyong rekord kung mayroon kayong kagamitan sa mobility, service animal, PCA o kung mayroon kayong anumang espesyal na pangangailangan na naaangkop sa lahat ng inyong pagbiyahe, nang sa gayon ay hindi na ninyo ulitin ang mga detalyeng ito kapag may reservation kayo.

Kung papunta kayo sa isang appointment, pakisabihan ang ahente ng reservation kung anong oras kayo dapat makarating sa inyong destinasyon, na may hindi bababa sa 15 minuto bago ang oras ng appointment para sa mga hindi inaasahang pagkaantala. Pakitandaan na hindi maaaring makipagnegosasyon ang ahente ng reservation para sa oras ng pag-pick up at pag-drop off para sa iisang biyahe. Iiskedyul ang mga pag-pick up para sa mga biyaheng may oras ng appointment para magkaroon ng sapat ng oras sa pagbiyahe at matiyak ang pagdating sa destinasyon sa tamang oras.

Kung gusto ninyo ng balikang biyahe, pakisabihan ang aming ahente ng reservation at maging handa sa pagkumpirma ng impormasyon para sa inyong pagbiyahe pabalik (ibig sabihin, ang address para sa pag-pick up, address para sa pag-drop off at gustong oras ng pag-pick up).

PAGKUMPIRMA SA INYONG BIYAHE

Pagkatapos gumawa ng kahilingan sa pagbiyahe, kung nag-sign up kayo para sa mga alerto sa myRide for Paratransit ng SolTrans, makakatanggap kayo ng pagkumpirma sa inyong nakaiskedyul na biyahe at oras ng pag-pick up ayon sa inyong mga naunang piniling opsyon. Ang myRide for Paratransit ay isang automated na system sa pagkumpirma ng biyahe na nagbibigay-daan sa inyong kumpirmahin, kanselahin, o iiskedyul ulit ang inyong biyahe sa pamamagitan ng pagtawag o pag-text isang araw bago ang inyong biyahe. Mangyaring sumangguni sa Gabay sa Gumagamit ng myRide for Paratransit o tumawag sa Serbisyo sa Kostumer para sa higit pang impormasyon o para magpatala dito.

MGA PAMASAHE

Ang pamasaha para sa SolTrans Paratransit ay \$4.00 kada one-way na biyahe. Libre ang pagsakay ng mga Personal Care Attendant (PCA) na kasama ng pasaherong sertipikado ng ADA.



Ang lahat ng iba pang pasahero, kabilang ang iba pang kasama at mga bata na edad 6 at mas matanda ay dapat magbayad ng pamasaha. (Mangyaring sumangguni sa p. 20 para sa **mga panuntunan sa mga PCA** at **mga panuntunan sa iba pang kasama at mga bata** sa paratransit) Kapag nagpareserba kayo ng biyahe sa SolTrans Paratransit, maaari ninyong kumpirmahin ang kabuuang halaga ng inyong pamasaha para sa reservation.

Kinukuha kaagad ang mga pamasaha kapag sumakay kayo, kung kaya pakihanda ang inyong eksaktong pamasaha bago kayo sumakay. Maaari kayong magbayad sa pamamagitan ng pass, cash, o kumbinasyon ng dalawa, pero pakitandaan na hindi makakapagsukli ang driver.

	Cash	10-Sakay na Pass
Soltrans Paratransit (Kinakailangan ang Sertipikasyon ng ADA)	\$4.00	\$40.00

MGA BENEFISYO NG PAGGAMIT NG MGA SERBISYONG MAY HINDI NAGBABAGONG RUTA NG SOLTRANS

Marami sa mga pasahero ng SolTrans Paratransit ang maaaring gumamit ng mga serbisyong may hindi nagbabagong ruta para sa ilan sa kanilang mga biyahe. Hindi kailangan ang reservation para sa mga serbisyong may hindi nagbabagong ruta at makakapagbiyahe ang mga pasahero nang komportable. Kwalipikado para sa Pinamurang pamasaha ang mga pasahero ng SolTrans Paratransit.

Pinamura (Senior na 65+/ May Kapansanan/ Medicare)	Cash	Day Pass	10-Sakay na Pass	31-Araw na Pass
Lokal	\$1.00*	\$2.25	\$9.00	\$30.00*
Solano County Express	\$1.35	\$2.75	N/A	\$35.00
Express sa Labas ng County	2.50*	\$5.00	N/A	\$57.00
Ruta 82	\$5.00	1 Pass na Swipe +Upcharge	N/A	1 Pass na Swipe +Upcharge

***Available sa Clipper** (Kung plano ninyong bumiyaha sa mga system ng SolTrans at Fairfield and Suisun Transit (FAST), bumili ng papel na pass mula sa alinman sa mga bilihan ng ticket ng SolTrans o FAST, hindi available sa Clipper ang mga bagong interagency na pass.) May mga diskwento kapag ginamit ang Clipper bago ang 12-31-19.

PAGBILI NG MGA TICKET

Available ang lahat ng pass sa bus ng SolTrans sa Vallejo Transit Center:



Vallejo Transit Center
311 Sacramento St.
Vallejo, CA 94590

5 am – 5 pm, Lunes – Biyernes
8:30 am – 4 pm, Sabado

Kailangang bayaran ng cash ang mga one-way na biyahe pagsakay ng mga bus ng SolTrans Paratransit.

Mabibili ang lahat ng pass sa bus sa bilihan ng ticket sa pamamagitan ng cash, credit, personal check o Commuter Check. Pkaitandaan na hindi available sa Clipper ang mga pamasaha sa paratransit.

Mabibili din ang mga limitadong pass sa bus sa mga sumusunod na lokasyon. Mangyaring makipag-ugnayan nang direkta sa nagtitinda tungkol sa pagiging available ng pass, mga oras ng pagbebenta, at mga tinatanggap na paraan ng pagbabayad.

Safeway

50 Solano Sq.
Benicia, CA 94510
(707) 745-4047

Safeway

709 Lincoln Rd. West
Vallejo, CA 94590
(707) 643-2172

Safeway

774 Admiral Callaghan Ln.
Vallejo, CA 94591
(707) 554-8035

Safeway

122 Robles Way
Vallejo, CA 94591
(707) 554-4467

Safeway

103 American Canyon Rd.
American Canyon, CA 94503
(707) 649-5150

Solano Community College Bookstore

4000 Suisun Valley Rd.
Suisun City, CA 94585
(707) 864-7111

City of Benicia

250 East L St.
Benicia, CA 94510
(707) 746-4225

Florence Douglas Senior Center

333 Amador St.
Vallejo, CA 94585
(707) 643-1044

Pakitandaan na ang lahat ng pass at ticket ng SolTrans ay may petsa ng pag-expire at hindi mare-refund o maipagpapalit ang mga ito.

MGA PANUNTUNAN AT PAMAMARAAN PARA SA DRIVER

PUWEDENG GAWIN NG MGA DRIVER NA:

- tumulong sa pagkakabit ng mga lap belt
- umalalay sa mga pasaherong may problema sa paningin
- umalalay para maiwasan ang pagkatumba
- magbukas ng pinto palabas ng kalye sa inyong lokasyon para sa pag-pick up at pag-drop off

HINDI PUWEDENG GAWIN NG MGA DRIVER NA:

- pumasok sa tirahan o iba pang gusali para maghanap ng pasahero
- magbuhat ng wheelchair o ng kostumer
- iwanan ang sasakyan nang walang bantay
- magmaneho ng sasakyan sa paraang posibleng maging panganib, kabilang ang paglabas mula sa driveway at pagpasok sa ilang driveway at parking lot.
- magbitbit ng mga grocery bag o iba pang item (pakitingnan ang **Mga Limitasyon sa Package**, p. 21)
- kumuha ng impormasyon mula sa mga pasahero ukol sa mga pagkansela ng at pagbabago sa mga reservation

MGA PANUNTUNAN AT PAMAMARAAN PARA SA PASAHERO

PATAKARAN SA PAGKANSELA AT HINDI-PAGSIPO

Kung hindi kayo makakarating sa nakatakda ninyong biyahe, mangyaring kanselahin ito nang hindi bababa sa 2 oras bago ang nakaiskedyul na oras ng pag-pick up. Ang mga pagkanselang walang 2 oras bago ang nakaiskedyul na oras ng pag-pick up ay itatala bilang hindi-pagsipot.

Ang mga pasaherong nagpapakita ng pattern o gawi ng hindi pagsipot ay sasailalim sa parusa. Ituturing na nagpapakita ng pattern o gawi ng hindi pagsipot ang mga pasahero kung sila ay:

- nagpaiskedyul ng 30 o higit pang one-way na biyahe sa loob ng 30-araw at hindi sila sumipot nang 10% o higit pa ng kanilang nakaiskedyul na biyahe; o
- nagpaiskedyul ng mas kaunti sa 30 one-way na biyahe sa loob ng 30-araw at hindi sila sumipot sa 3 o higit pa sa kanilang mga nakaiskedyul na biyahe.

Maaaring kasama sa mga parusa ang pagpapahayag o nakasulat na babala at maaaring magresulta ang nauulit na paglabag sa pansamantalang pagsuspende ng serbisyo nang hindi lalampas ng 30 araw. Hindi pagmumultahin ang mga pasaherong hindi nakapagpakita dahil sa mga pangyayaring hindi nila kontrolado.

PAGBABAYAD NG PAMASAHE

Dapat bayaran ng mga pasahero ang kinakailangang pamasaha para sa bawat biyahe. Mangyaring sumangguni sa **Mga Pamasaha** (p. 14) para sa kumpletong impormasyon sa pamasaha ng SolTrans Paratransit. Maaaring magresulta ang nauulit na hindi pagbabayad ng kinakailangang pamasaha sa mga kaparusahan, kabilang na ang pagkasuspende.

MGA LIMITASYON SA MGA WHEELCHAIR AT KAGAMITAN SA MOBILITY

Ibinibigay ang lahat ng pagsakay sa SolTrans Paratransit samga sasakyang puwedeng ma-access ng wheelchair at may mga lift o ramp. Ang lahat ng lift at ramp ay sertipikado para sa load-rating na nakasunod sa mga regulasyon ng ADA.

Aalalay ang mga driver sa pagsakay ng wheelchair at kagamitan sa mobility at dapat nilang tiyaking maayos ang pagkakalagay ng kagamitan bago nila paandarin ang sasakyan. Hinihikayat ang mga pasaherong gumagamit ng mga scooter na may 3 gulong na lumipat sa upuan ng bus kung maaari.

Maaaring hindi maisakay ng SolTrans Paratransit ang mga pasaherong hindi makakasakay sa pamamagitan ng lift o ramp na nakalagay sa kanilang nakaiskedyul na sasakyan. Pinagpapasyahan ang gagamiting sasakyan para sa anumang partikular na biyahe ayon sa pinakamahusay na solusyon para maipagkaloob ng SolTrans Paratransit ang lahat ng biyaheng nakaiskedyul para sa araw na iyon. Pakitandaan na hindi namin maaalok ang mga kostumer ng pagpipiliang sasakyan. Maaaring sumakay ang pasahero nang hiwalay sa kanilang kagamitan, kung kaya nila itong gawin nang walang tulong ng driver.



MGA PANUNTUNAN AT PAMAMARAAN PARA SA PASAHERO

MGA SEAT BELT

Iniaatas ng batas ng California na magsuot ang mga pasahero ng seatbelt kapag available ito. Para sa mga pasaherong gumagamit ng wheelchair, tutulungan kayo ng driver sa inyong seatbelt bilang bahagi ng proseso ng pagtiyak sa inyong kaligtasan. Dapat sumunod ang mga batang sumasakay sa SolTrans Paratransit sa mga regulasyon ng estado ng California tungkol sa mga safety seat ng bata; dapat itong ipagkaloob ng pasahero.

MGA PERSONAL CARE ATTENDANT (PCA)

Ang personal care attendant ay isang taong kailangan ng pasahero para tulungan siyang gumawa ng kanyang pang-araw-araw na gawain. Ang mga pasaherong sertipikadong nangangailangan ng personal care attendant sa panahon ng kanilang pagtatasa sa pagiging kwalipikado sa paratransit, ay maaaring sumakay kasama ng kanilang PCA. Nakakasakay nang libre ang mga PCA.

IBA PANG KASAMA

Ang iba pang kasama ay maaaring kaibigan, kamag-anak, o ibang taong kasamang nagbibiyaha ng pasahero pero hindi sumasama dahil kailangan ng pasahero ng kanyang tulong. Pinapasakay ang iba pang kasama ng pasahero ayon sa available pang espasyo. Nagbabayad ng kaparehong pamasaha sa kwalipikadong pasahero ang iba pang kasama. Maaaring magbiyahe nang libre ang hanggang dalawang bata na may edad 5 at mas bata kasama ng pasaherong nagbabayad ng pamasaha at sertipikadong kwalipikado; magbabayad ng parehong pamasaha ang iba pang bata.

PATAKARAN SA SERVICE ANIMAL AT ALAGANG HAYOP

Ang service animal ay alinmang guide dog, signal dog, o iba pang hayop na indibidwal na sinanay para tumulong sa isang taong may kapansanan. Kung gusto ng pasahero na regular na magbiyahe kasama ng service dog, dapat sabihan ang ahente ng reservation sa panahong iyon na tandaan ito para sa lahat ng biyahe sa hinaharap.

Ang mga alagang hayop, emosyonal na suporta at iba pang kasamang hayop ay dapat nakalagay sa kinakailangang crate o pet carrier.



MGA LIMITASYON SA PACKAGE

Dapat kayang pamahalaan ng mga pasahero ang sarili nilang mga package. Hindi maaaring magbuhat ng mga package o gumawa ng iba pang personal na serbisyo ang mga driver (mangyaring sumangguni sa **Mga Panuntunan at Pamamaraan para sa Driver**, p. 17). Maaaring magsama ng ibang tao o PCA, kung sertipikado sila para sa isang PCA, ang mga pasaherong nangangailangan ng tulong sa kanilang mga package.

Dapat direktang naa-access ng pasahero ang mga package at hindi ito nakaharang sa mga aisle.

CODE OF CONDUCT NG SOLTRANS

Dapat sumunod ang mga pasahero ng SolTrans Paratransit sa Kodigo ng Asal ng SolTrans. Ang mga paglabag ay maaaring magresulta sa agarang pagpapababa sa sasakyan o pagpapaalis sa pasilidad at pagsuspende ng serbisyo.

PAGSUSPINDE NG SERBISYO

Ang mga pasaherong paulit-ulit na lalabag sa mga panuntunan, patakaran, o pamamaraan ng SolTrans ay posibleng pansamantalang masuspende. Ang mga pasaherong masasangkot sa marahas, ilegal, at mapaminsalang pag-uugali ay posibleng masuspende kaagad at nang walang hanggan.

MGA APELA SA PAGSUSPINDE

Mayroong karapatan ang sinumang pasahero na iapela ang kanilang suspensyon. Ang mga pagdinig sa apela ay isasagawa nang personal sa pinakamaagang pagkakataon na posible sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ng SolTrans ang kahilingan sa apela. Bibigyan ang umaapela ng transportasyon papunta at mula sa pagdinig nang libre. Sa panahon ng pagdinig, bibigyan ang pasahero ng pagkakaton para mapakinggan at magpakita ng katibayan at argumento na sumusuporta sa kanyang apela. Ipatatuad ang pagsuspende habang wala pa ang pinal naresulta ng proseso ng pag-apela.

Paano kung kailangan kong sumakay ng paratransit papunta sa labas ng Benicia, Vallejo (Rehiyonal na Paratransit Shuttle)?

May-bisa simula Agosto 30, 2019, hindi nagbibigay ang SolTrans ng Rehiyonal na Paratransit Shuttle. Pakitawagan ang Solano Mobility para matukoy ang pinakamabuting transportasyon papunta sa mga lokasyong nasa labas ng Benicia o Vallejo.

Mayroon bang lokal na programa sa taxi scrip?

May-bisa simula Taglagas 2019, hindi na pangangasiwaan ng SolTrans ang lokal na programa sa taxi scrip. Mangyaring makipag-ugnayan sa Solano Mobility para magpatala sa lahat ng programa sa taxi scrip.

LOST AND FOUND

Para mag-ulat ng nawawala o nahanap na item, tumawag sa Serbisyo sa Kostumer ng SolTrans o pumunta sa Pasilidad ng Pagpapatakbo at Pagmementena (Operations & Maintenance, O&M) ng SolTrans. Maaari ding gamitin ng mga pasahero ang form ng Makipag-ugnayan sa Amin/Serbisyo sa Kostumer sa website ng SolTrans.

MGA DISCLAIMER

Napapailalim sa rebisyon ang Gabay sa Mga Pasahero ng SolTrans ADA Paratransit Services nang walang abiso. Kung hindi magtutugma ang Gabay at anumang batas o obligasyon sa regulasyon ng SolTrans o ng subcontractor ng operasyon nito, mangingibabaw ang batas o regulasyon. Pinapatakbo ang SolTrans Paratransit alinsunod sa ADA.

Nakatuon ang SolTrans sa pagbibigay ng ligtas, maaasahan, magalang, mahusay, at accessible na mga serbisyo sa transportasyon na epektibong nakapag-uugnay ng tao, trabaho, at komunidad. Nagbibigay ang SolTrans ng mga makatwirang pagbabago sa mga patakaran at pamamaraan batay sa indibidwal upang maiwasan ang diskriminasyon batay sa kapansanan, maliban na lang kung:

- ang hinihinging pagbabago ay hindi talaga kailangan upang magamit ng tao ang serbisyo;
- ang pagpayag sa pagbabago ay magreresulta sa direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng ibang tao; o
- ang pagpayag sa pagbabago ay magreresulta sa pangunahing alterasyon sa mga serbisyo ng SolTrans.

Hinihikayat na magsumite ng reklamo sa ADA ang sinumang taong naniniwalang nadiskrimina o tinanggihan siya para sa mga serbisyo o programa ng SolTrans batay sa kanyang kapansanan. Maaaring magsumite ang mga pasahero ng mga reklamo o kahilingan sa ADA para sa makatwirang pagbabago sa mga patakaran at pamamaraan ng SolTrans gamit ang form ng Makipag-ugnayan sa Amin sa website ng SolTrans, sa pamamagitan ng pagtawag sa **(707) 736-6990**, at sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa:

Vallejo Transit Center
311 Sacramento Street
Vallejo, CA 94590

SolTrans O&M Facility
Operations & Maintenance
1850 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

Lahat ng reklamo sa ADA ay dapat ipagbigay-alam Manager, Mga Operasyon at Pagpapalano. Kapag hiniling, magbibigay ng tulong sa pagsusumite ng mga reklamo sa ADA.

Para makakuha ng kopya ng anumang patakaran, mga materyal sa marketing, pampublikong talaan, o iba pang impormasyon ng SolTrans sa accessible na format, pakitawagan ang (707) 648-4666.



**IMPORMASYON SA
PAKIKIPAG-UGNAYAN**

Serbisyo sa Kostumer ng SolTrans
(707) 648-4666

Solano Mobility
(800) 535-6883

Pangasiwaan ng SolTrans
(707) 736-6990
311 Sacramento Street
Vallejo, CA 94590

